



FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT

PRESS STATEMENT

Ika-8 ng Pebrero 2022

Mga pagbabago sa *Level One Contact advice*

Bilang bahagi ng kinaugaliang proseso ng pagsusuri patungkol sa mga hakbang sa Covid-19 sa loob ng Falkland Islands, napagkasunduan ng Executive Council na amyendahan ang abiso na ngayon ay ibinibigay sa mga *Level One Contacts*. Ang kahulugan ng isang *Level One Contact* ay ang isang taong nakipagugnayan ng malapitan sa isang taong nag-positibo sa mga resulta (halimbawa, sila ay nakipaghalubilo na mas hihigit sa kinse minutos sa loob ng dalawang metro, sa isang taong may Covid-19).

Sa ilalim ng mga pagbabagong ito, ang mga taong papasok sa Falkland Islands ay nangangailangan pa rin, ayon sa batas, na mag-quarantine sa loob ng lima o walong araw, depende sa estado ng kanilang bakuna. Gayunpaman, tulad ng sa nakaraang abiso, na kung saan ang abiso ay sampung araw na *self-isolation* o paghihiwalay sa sarili, ang bagong abiso ay nagsasabi na:

- Kapag natukoy na ang *Level One Contact*, sila ay aabisuhan na kumpletuhin ang napagkasunduang panahon ng quarantine (kung sila ay kakarating lang), o magsagawa ng limang araw napaghihiwalay sa sarili (kung sila ay nasa isla na) na susundan ng karagdagang limang araw na obserbasyon, na kung saan sila ay magsusuri ng kanilang sarili (*self-testing*) kada araw, ngunit di kailangang manatili sa tahanan
- Sa umaga ng ika-limang araw, sila ay kukunan ng swab ng isang sinanay na propesyonal at, kung mag negatibo man, ay maaari nang magsagawa na kanilang pang-araw araw na gawain, ngunit kailangan paring sumailalim sa karagdagang limang araw na pagsasagawa ng pansariling pagsusuri sa pamamagitan ng *LFD (lateral flow device)*
- **Sa kahit anong pagkakataon na bumalik ang isang positibong resulta, sila ay agad-agad at dapat bumalik sa isolation ng hindi bababa sa sampung araw.**
- Bllang karagdagan sa pagsusuri sa sarili o *self-testing*, hihilingin sa mga taong ito na maging maingat sa kanilang mga paggalaw sa gitna ng ika-anim at ika-sampung araw, halimbawa, kung kaya nilang magtrabaho sa bahay ay ito ay mas hinihikayat na gawin, gayunpaman, pwede silang magtrabaho sa labas ng kanilang tahanan nan aka-distansya sa ibang tao o nakasuot ng kanilang *mask* kung may katrabaho ng malapitan.

Kinumpirma ng *Chief Medical Officer* na si Dr Beccy Edwards na: “Tayo ay nalalagay sa naiibang posisyon sa simula pa lamang ng pandemya, noong tayo ay may walang sapat na kaalaman tungkol sa virus at sa sakit na ito. Tayo rin ay may limitadong pasilidad para magsagawa ng pagsusuri, kaya naman ang hinihiling namin sa lahat ng *Level One Contacts* na mag isolate sa buong labing-apat na araw na lampas sa kanilang itinakdang panahon ng quarantine.”

“Gayunpaman, ngayon nakausad na ang datos at tayo ay isang bansang nabakunahan na, ang isinuhestiyong diskarte na ito ay makatwiran at nararapat lamang na hakbang, na naka linya sa maraming bansa. Tayo ay nakapagsagawa ng bagong patnubay para sa mga *Level One Contacts*, upang matulungan silang kumilos ng tama at magpatuloy na protektahan ang ating komunidad laban sa Covid-19.”

Ang abiso ng Chief Medical Officer para sa mga *Level One Contacts* ay makikita sa online o mula sa ospital: <https://www.falklands.gov.fk/covid-19/quarantine>

KATAPUSAN